Republic of the Philippines
**DEPARTMENT OF EDUCATION**
Region X1
Division of Digos City

**Division Advisory**
Blg. 081 s. 2016

**PAMBANSANG PALIGSAHAN SA ISPELING: IISPEL MO! NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO**

Sa Mga: Tagamasid Pampurok
Punong-guro ng mga Pampubliko at Pribadong Paaralan ng Elementarya

1.) Ang Komisyon sa Wikang Filipno (KWF), sa pakikipagtulunan ng Kapisanan ng Superbisor at Guro sa Filipino (KASUGUFIL), ay magdaraos ng Pambansang Paligsahan sa Ispeling: Iispel Mo! mula sa buwan ng Agosto hanggang sa buwan ng Nobyembre, 2016 sa lahat ng mga mag-aaral sa pampubliko at pambribadong mga paaralan sa antas ng elementarya na nasa Baitang 6 sa 18 na mga rehiyon ng bansa

2.) Ang patakaran ng partisipasyon ng mga guro at mag-aaral mula sa pampubliko at pampribadong paaralan ay alinsunod sa patakaran sa DepED Order No. 9, s. 2005.

3.) Pinaalalahanan na ang paglahok sa aktibidades na ito ay kusang loob at walang pondo mula sa ahensya ang gagamitin.

4.) Ang detalye ng nasabing kumperensiya ay masisilayan sa nakapakid na panid.

5.) Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap at pagtalima sa memorandum na ito.

**DEE D. SILVA, DPA, CESO VI**
Tagapamanihala

DepEd Schools Division of Digos
RELEASED 8717
Date: SEP 2 0 2016 Time: 11:42
By:

Republika ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
REHIYON XI
Lungsod ng Dabaw
Tanggapang Panrehiyon

DepEd
DEPARTMENT OF EDUCATION

DepEd Schools Division of Digos
RECEIVED 8717
Date: SEP 16 2016 Time: 10:01am
By:

DepEd Region XI ADVISORY No. 112, s. 2016

**PAMBANSANG PALIGSAHAN SA ISPELING: IISPEL MO!
NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO**

To: Schools Division Superintendents

Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), sa pakikipagtulungan ng Kapisanan ng Superbisor at Guro sa Filipino (KASUGUFIL), ay magdaraos ng Pambansang Paligsahan sa Ispeling: Iispel Mo! mula sa buwan ng Agosto hanggang sa buwan ng Nobyembre, 2106, sa lahat ng mga mag-aaral sa pampubliko at pambribadong mga paaralan sa antas ng elementary na nasa Baitang 6 sa 18 na mga rehiyon sa bansa.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral mula sa pampubliko at pampribadong paaralan ay alinsunod sa patakaran na nakasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005. Pinaalalahanan na ang paglahok sa aktibidades na ito ay kusang loob at walang pondo na gagamitin mula sa ahensya.

Ang magiging patimpalak na Panrehiyon ay ipapaalam sa pamamagitan ng ibang Advisory. Kalakip nito, ang pamantayan sa Pambansang Paligsahan at DepEd Advisory No. 213, s. 2016 para sa kaukulang impormasyon.

**ATTY. ALBERTO T. ESCOBARTE, CESO IV**
Regional Director

Incls: As stated

ROC9/mpvallejo

Department of Education
Regional Office XI
RECORDS SECTION
RELEASED
By:
Date: 9/15/16 Time:

Republika ng Pilipinas
Tanggapan ng Pangulo
KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

Department of Education
Regional Office XI
RECORDS SECTION
RECEIVED
By:
Date: 9-7-16 Time: 2:31
Barcode No: 16-09-0205

25 Agosto 2016

**Atty. ALBERTO T. ESCOBARTE**
Panrehiyong Direktor
DepED, R-XI
F. Torres Street
Lungsod Davao

**Mahal na Direktor Escobarte:**

Magalang naming hinihiling ang inyong tulong at pakikiisa sa pamamagitan ng pagpapalabas ng **Memorandum Panrehiyon** ng ***Pambansang Paligsahan sa Ispeling: Iispel Mo!*** para sa pakikilahok ng lahat ng nasa publiko at pribadong paaralan na mga guro at mag-aaral sa Ikaanim na Baitang (Grade 6) sa antas elementarya ng inyong rehiyon.

Layunin ng Paligsahan na malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagpapataas ng antas at kalidad ng wikang Filipino para sa wastong ispeling ng mga salita gamit ang bagong ortograpiyang pambansa.

Ang eliminasyon ng paligsahan ay isasagawa sa division level para sa kinatawan ng rehiyon at maglalaban-laban ang mga kinatawan ng bawat rehiyon sa national level na gagawin sa 29 Nobyembre 2016 sa Regional Education Learning Center (RELC) ng NCR, Lungsod Marikina, Metro Manila.

Magkakaloob ng papremyong cash ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) sa mga mananalo sa national level. Gayundin, sasagutin ang dalawang (2) araw na gastusin sa pagkain at pagtira sa RELC ang mga nanalo sa rehiyon at isang (1) kasama (magulang o trainor) ng kalahok. Samantala, pagtutulungan ng KWF at Kapisanan ng mga Superbisor at Guro sa Filipino (KASUGUFIL) ang pangangasiwa at pagsubaybay sa paligsahan na isasagawa sa buong bansa.

Kalakip nito, ang DepED Advisory No. 213, s. 2016 na may petsang 11 Agosto 2016 at ang Pamantayan sa Pambansang Paligsahang ito.

Para sa iba pang mga tanong o paglilinaw, mangyaring tumawag sa telepono bilang (02) 736-2525 lokal 107 o cp no. 0908-697-8491 at hanapin si Bb. Sandor B. Abad o sumulat sa sandorabad1210@gmail.com

Lubos na sumasainyo,

**VIRGILIO S. ALMARIO**, National Artist
Tagapangulo

CLMD
035-09-07-16

2/P Gusaling Watson, 1610 Kalye Jose P. Laurel, San Miguel, 1005 Maynila
(02) 736.2525/24; 736.2519; 734.5547; 736.3830; 733.7260; 516.0326
www.kwf.gov.ph komfil@kwf.gov.ph

## PAMANTAYAN NG PALIGSAHAN

### DESKRIPSIYON NG PALIGSAHAN

1. Ang paligsahan ay pambansa at tatawaging **I Ispel Mo!.;**
2. Magkatuwang na isasagawa ng Sangay ng SALIN ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF); at
3. Kapisanan ng mga Superbisor at Guro sa Filipino (KASUGUFIL);
4. Ang paligsahanay bukas para sa mag-aaral sa Ikaanim na Baitang (Grade 6) sa antas elementarya ng mga paaralang publiko at pribado;
5. Magsisimula ang paligsahan mula sa eliminasyon sa division level at ang mananalo sa bawat rehiyon ang maglaban-laban para sa national level na isasagawa sa:

   **30 Nobyembre 2016**
   **DepEd National Educators Academy of the Philippines (NEAP) NCR**
   **Daang Cepeda, Concepcion, Lungsod Marikina.**

6. Magkakaloob ang KWF ng medalya,sertipiko at pampreyong cash para sa mananalo sa national level .
7. Ang KASUGUFIL naman ay magkakaloob ng medalya at sertipiko sa mga mananalo sa regional level.
8. Pangangasiwaan ng Kalupunan ng mga Direktor ng KASUGUFIL ang pagsubaybay at pagmomonitor sa isasagawang paligsahan sa regional level.
9. Magkatuwang na pangangasiwaan ng Sangay ng SALIN ng KWF at pamunuan ng KASUGUFIL ang kulminasyon ng paligsahan.

### PARAAN NG PALIGSAHAN

**A. Eligibility**

1. Isang kalahok sa bawat paaralan ang pinapayagan sa divison level,ang mananalo sa division level ang magiging kinatawan ng dibisyon sa regional level at ang mananalo sa regional ang siyang kakatawan sa rehiyon sa national level ng paligsahan.
2. Taglay ang mga sumusunod:
   2.1 nasa Ikaanim na Baitang (Grade 6) at may mabuting katayuan sa paaralan na pinatutunayan ng kaniyang principal;
   2.2 nakahandang sumunod sa mga panuntunan at patakaran ng paligsahan.
3. Bawat rehiyon ay bubuuin ng tatlong (3) delegado
   3.1 isang (1)mag-aaral na kakatawan sa rehiyon
   3.2.isang (1) tagapagsanay (coach)
   3.3.isang magulang/guardian ng mag-aaral

**B. MGA KAHINGIAN**

Ang mga kahingian para sa Pambansang Paligsahan ay kailangang maisumite sa Komisyon sa Wikang Filipino sa email address sandorabad1210@gmail.com o sa KASUGUFIL sa email address anniescabuhat@gmail.com pitong (7) araw bago ang aktuwal na paligsahan sa 30 Nobyembre 2016.

1. Dalawang (2) kopya ng sinagutang Pormularyo ng Kalahok mula sa Regional Level;
2. Isang (1) kopya ng sertipiko na nageendoso ng kalahok mula sa Direktor Panrehiyunal.

**C. KRAYTERYA SA PAGHATOL**

1. Ang KWF/KASUGUFIL ang maghahanda ng mga salitang gagamitin sa paligsahan.
2. Babasahin ng Ispeling Master ang pangungusap na kinapapalooban ng salitang babaybayin. Pagkatapos ng pangalawang pagbasa, ibibigay ang hudyat upang sumulat na ang mga kalahok.
3. Ang puntos at bilang ng aytem na babaybayin ay gaya ng sumusunod:

| | | |
|---|---|---|
| MADALI | - 10 aytem X 2 points = | 20 puntos |
| KATAMTAMAN | - 10 aytem X 3 points = | 30 puntos |
| MAHIRAP | - 10 aytem X 5 points = | 50 puntos |
| | KABUUAN | = 100 puntos |

4. Ang mag-aaral ay bibigyan ng pitong (7) segundo upang maisulat ang kaniyang sagot.
5. Ang magkakamit ng pinakamataas na puntos ang siyang tatanghaling Pambansang Kampeon ng I Ispel Mo!.
6. Sa sandaling magkaroon ng patas na puntos, may nakalaang mga tanong na magiging klintser . Ang pag break ng tie ay isasagawa batay sa sumusunod:
   6.1. Maglalaan ng tatlong tanong na paglalabanan ng may patas na puntos; Ang mag-aaral na makakakuha ng mas mataas na puntos ang siyang maka-kakuha ng puwestong pinaglabanan.
   6.2. Sa sandaling maging patas muli ang kanilang puntos; magkakaroon ng *knock-out round.*
7. Ang hatol ng inampalan ay pinal at hindi na mababago.

**D. MGA GANTIMPALA**

1. Pagkakalooban ng medalya at sertipiko ang bawat mananalo sa panrehiyunal na level mula sa KASUGUFIL.
2. Ipagkakaloob ng KWF sa mga mananalo sa national level ang mga sumusunod:
   2.1. MAG-AARAL
   - 2.1.1. Unang Gantimpala - medalya,sertipiko at PHP 35,000.00
   - 2.1.2 Ikalawang Gantimpala - medalya,sertipiko at PHP 25,000.00
   - 2.1.3 Ikatlong Gantimpala - medalya,sertipiko at PHP15,000.00

   2.2 TAGAPAGSANAY
   - 2.2.1. Unang Gantimpala - sertipiko at PHP 5,000.00
   - 2.2.2. Ikalawang Gantimpala - sertipiko at PHP 3,000.00
   - 2.2.3. Ikatlong Gantimpala - sertipiko at PHP 2,000.00

**E. IBA PANG DETALYE TUNGKOL SA PALIGSAHAN**

1. Ang mga delegado sa **I Ispel Mo!** ay inaasahang darating sa contest venue simula sa **ala una ng hapon (1:00NH) sa 28 Nobyembre 2016**.
2. Ang Pambukas na Palatuntunan ay gaganapin sa 8:00NU 29 Nobyembre 2016.
3. Ang tatlong (3) araw na pagkain at akomodasyon ay isasabalikat ng KWF. Ang unang pagkain ay ihahain sa meryenda ng 28 Nobyembre at ang huling pagkain ay sa pananghalian ng 01 Disyembre 2016.
4. Hinihikayat ang mga delegado na magsuot ng kanilang panrehiyunal na kasuotan sa Pambungad na Palatuntunan. Gayundin, ang mga mag-aaral ay kinakailangang nakasuot ng puting t-shirt at maong na pants sa araw ng paligsahan, 30 Nobyembre 2016.

## Pambansang Paligsahan sa Ispeling: *I ISPEL MO!*

Agosto- Nobyembre 2016
Regional Education Learning Center (RELC), Brgy. Concepcion, Lungsod Marikina
**DepED Advisory NO. 213 , s. 2016**
11 August 2016

**PORMULARYO NG PAGPAPATALA NG KALAHOK**
(Registration Form )

PANGALAN: ______________________________________________
( Una) (Gitna) (Apelyido)

KASARIAN: (Paki-tsek) BABAE: ________ LALAKI: ________ EDAD: ____________

PETSA NG KAPANGANAKAN: ____________________ LUGAR: ____________________

ADRES NG TIRAHAN: ______________________________________________

______________________________________________

Tel. Nos. Landline: ____________ Celphone Nos. ____________ Email ____________

PAARALAN: ______________________________________________

ADRES NG PAARALAN : ______________________________________________

SANGAY: ______________________________ REHIYON: ____________

PANGALAN NG TAGAPAGSANAY: ____________________ Cel. Nos. ____________

PICTURE

LAGDA : ____________________

PETSA : ____________________

Ipadala sa adres:

Sandor B. Abad
Komisyon sa Wikang Filipino
2/F Watson Building, 1610 J.P. Laurel Street
Malacañang Complex, San Miguel, Manila; o
Emai ad. sandorabad1210@gmail.com / www.kwf.gov.ph/ komfil@kwf.gov.ph

DepEd Advisory No. 213 , s. 2016
August 11, 2016
In compliance with DepEd Order No. 8, 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
*(Visit www.deped.gov.ph)*

## PAMBANSANG PALIGSAHAN SA ISPELING: IISPEL MO! NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), sa pakikipagtulungan ng Kapisanan ng Superbisor at Guro sa Filipino (KASUGUFIL), ay magdaraos ng *Pambansang Paligsahan sa Ispeling: Iispel Mo!* mula sa buwan ng Agosto hanggang sa buwan ng Nobyembre, 2016, sa lahat ng mga mag-aaral sa pampubliko at pampribadong mga paaralan sa antas elementarya na nasa Baitang 6 sa 18 na mga rehiyon sa bansa.

Ang implementasyon ng proyekto ay sa pagtutulungan ng KWF at KASUGUFIL at pangangasiwaan ng Sangay ng Salin ng KWF at Kalupunan ng mga Direktor ng KASUGUFIL. Ang Kalupunan ng mga Direktor ay binubuo ng mga superbisor at guro sa Filipino sa iba't ibang rehiyon. Ang kalupunan ng mga direktor at kasapi ng KASUGUFIL ang mangangasiwa sa *monitoring* ng pagdaraos ng paligsahan sa lebel ng dibisyon at rehiyonal. Samantala, ang pamunuan ng KASUGUFIL at ng KWF ang mangangasiwa sa *national level* ng paligsahan.

Ang mga layunin ng Paligsahan ay ang sumusunod:

1. patuloy na maitaguyod ang paligsahang lilinang sa kakayahan ng mga mag-aaral patungo sa pagpapataas ng antas ng kalidad ng wikang Filipino;
2. malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa wastong ispeling ng mga salita na sumusunod sa bagong ortograpiyang pambansa; at
3. isang paraan ito ng malawakang pagpapalaganap ng mga napapanahong kaalaman sa wikang Filipino.

Hinihikayat ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa Baitang 6 sa tulong at suporta ng mga guro, superbisor, at tagapamanihala ng mga paaralan sa bawat sangay ng 18 na mga rehiyon sa buong bansa.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa *DepEd Order No. 9, s. 2005* na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa mga karagdagang impormasyon, maaaring tumawag at makipag-ugnayan alin man sa mga sumusunod:

- Bb. Sandor B. Abad
  Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)
  2/P, Gusaling Watson
  1610 Jose P, Laurel Street, San Miguel, Manila 1005
  Telepono: (02) 736-2525, lokal 107
  Mobile Phone: 0908-697-8491
  Email: sandorabad1210@gmail.com

- Bb. Gloria I. Alday
  Kapisanan ng mga Superbisor at Guro sa Filipino (KASUGUFIL)
  Telepono: (02) 443-1860
  Mobile Phone: 0998-860-6104
  Email:

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO
TINANGGAP
Petsa: 8/12/16 Oras: 11:02
Ni:
YUNIT NG MGA KASULATAN

mvec/Pambansang Paligsahan sa Ispeling: IISPEL MO!
0529- Agosto 5/5, 2016